# Paraan ng Pag-file ng Creditor's Claim sa Nagsarang Rural Bank of Alimodian (Iloilo), Inc.

PDIC
PHILIPPINE DEPOSIT INSURANCE CORPORATION

*Bank deposit mo, protektado!*




## SINO ANG MGA CREDITOR NG NAGSARANG BANGKO?

Creditor ang tawag sa tao o organisasyon kung saan may pagkakautang ang nagsarang bangko. Kabilang dito ang mga depositor na ang deposito ay higit sa P500,000 (uninsured depositor). Ang kanilang claim ay para sa assets ng nagsarang bangko. Dapat na mag-file ng claim ang lahat ng creditor sa PDIC bilang Receiver ng nagsarang bangko.



**Deadline: Hanggang September 7, 2021***

*60 days matapos ang publication ng Notice to Creditors sa July 9, 2021

Ang mga claim na ipa-file ng mga creditor pagkatapos ng deadline na **September 7, 2021**, ay ide-deny ng PDIC. Samantala, hindi na kailangang mag-file ng claim ang isang uninsured depositor na nakapag-file na ng deposit insurance claim sa PDIC, bilang Deposit Insurer, kung ang claim ay nai-file niya bago ang deadline o mismong **September 7, 2021**.

## PAANO MAG-FILE NG CREDITOR'S CLAIM?

Ipadala ang nasagutan at nilagdaang Claim Form na maaaring ma-download ng walang bayad sa PDIC website, www.pdic.gov.ph.




**1. Postal Mail o Courier Service sa:**

**Public Assistance Department**
Philippine Deposit Insurance Corporation
3rd Floor, SSS Building, 6782 Ayala Avenue
corner V.A. Rufino St. Makati City 1226

Kinakailangang may postmark na hindi lalagpas sa **September 7, 2021** ang pinadalang claim




**2. Online sa e-mail address na**
**rbalimodian-pad@pdic.gov.ph**



**3. Personal ("by appointment") sa:**

**PDIC Public Assistance Center (PAC)**
3rd Floor, SSS Bldg., 6782 Ayala Avenue
corner V. A. Rufino Street, Makati City

**Mag-request ng appointment sa:**

- **(02) 8841-4141**
  (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa Metro Manila)
- **1-800-1-888-7342 o 1-800-1-888-PDIC**
  (tumawag during office hours, para sa mga creditor sa labas ng Metro Manila)
- **rbalimodian-pad@pdic.gov.ph**
- **www.facebook.com/OfficialPDIC**



## MGA PAALALA:

1. Magpapadala ng sulat ang PDIC sa mga creditor na "DENIED" ang mga claim.
2. Mag-file ng claim sa liquidation court sa loob ng 60 days mula ng pagkatanggap ng FINAL NOTICE ng denial ng claim.
3. Para sa mga karagdagang tanong, makipag-ugnayan sa Public Assistance Department sa mga nabanggit na contact information.